


UP JUBILEE STUDENT EDITION

Kung Baga sa Bigas
Mga Piling Tula

Jose F. Lacaba

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES PRESS



Digitized by the Internet Archive
in 2022 with funding from
Kahle/Austin Foundation

Kung Baga sa Bigas
Mga Piling Tula

Kay Ador:

Nabuntay ka!

Pala 2003

Kung Baga sa Bigas

Mga Piling Tula

Jose F. Lacaba
Jose F. Lacaba



University of the Philippines Press
Diliman, Lungsod Quezon
2002

Inilathala ng
University of the Philippines Press

© 2002 ni Jose F. Lacaba

Reserbado ang lahat ng karapatan.
Walang bahagi ng librong ito ang maaaring gamitin kapag walang
pahintulot mula sa pabliser at sa mayhawak ng karapatang-ari,
maliban kung kailangang sipiin sa pagsusuri
at pagsasaliksik pang-akademya.

U.P. JUBILEE STUDENT EDITION

Disenyo ng Aklat
Arwin Ayson
Tinipa ang mga titulo at teksto sa *Berkeley*

ISBN 971-542-370-1

Inilimbag ng CORASIA

Nilalaman

Mula sa <i>Mga Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran</i> (1979)	1
Paksiw na ayungin	3
Alaala ng mga naiwan	4
Nakatingin sa bituin	5
Awit sa Ilog Pateros	7
Ang matatanda	8
Pusa sa kalsada	9
Ahas sa bukid	11
Dapithapon	13
Pauwi mula sa sine	14
Dalaw	16
Ang dapat paniwalaan	18
Mariang Makiling	19
Alamat	20
Pabula	21
Paalala	22
Ang damit	23
Taong-bahay	24
Utos ng hari	26
Bangungot	27
Pasyong mahal ni San Jose	30
Halaw kay Su Tung-p'o	31
Kanta ni Kulaspirong Kulang-kulang	32
Sa kanto ng Langit at Laong Laan	33
Santong paspasan	35
Ang mga kagila-gilalas na pakikipagsapalaran ni Juan de la Cruz	38

Mula sa <i>Sa Panahon ng Ligalig</i> (1991)	43
Mga tulang kalye	45
Mga kundiman sa panahon ng ligalig	48
Hindi hari, hindi pari	51
Mga paksang awit na pampelikula	53
Pagkain ng special halo-halo: Isang palaisipan sa tag-init	58
Sining ng pagtula	60
Sa kabukiran	61
Ang mga nawawala	62
In memoriam	66
Diyalogo ng diwa at damdamin	71
Kaparis ng kawayan, kaparis ng kalabaw	74
Bahaghari	75
Sa lupa (<i>Halaw kay Jacques Prevert</i>)	76
Mula sa <i>Edad Medya</i> (2000)	79
Ina	81
Liham ng ama sa anak	82
Sa mga umaga	84
Sa mga gabi	86
Salamat	88
Baka	90
Ang mga bata	92
Ang ahas. Bow.	94
Dili na makasulti	95
Dalaw sa Hiroshima	97
Hinggil sa damdaming hindi magkatugma	98
Himala at hiwaga	99
Lahat ng hindi ko kailangang malaman, natutunan ko sa pelikulang For Adults Only	100
Edad medya	102
Panaghoy ng gurang na mangingibig	104
Sira	105
Tagsibol ni Mrs. Santos	107
Taglagas ni Mr. Santos	108
Tagulaylay ni Pablo Napurnada	109

Ang tipo kong babae (<i>Halaw kay Martial</i>)	110
Setyembre 1972: Kalatas sa anak	111
<i>Pagkatapos ng Deklarasyon ng Batas Militar</i>	
Prometheus unbound	113
Mapanuring Sanaysay	
Ang Kagila-gilalas na Panulat ni Jose F. Lacaba	115
<i>Joi Barrios</i>	

Mula sa

Mga Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran
Mga Tulang Nahalungkat sa Bukbuking Baul
(1979)

Paksiw na ayungin

Ganito ang pagkain
ng paksiw na ayungin:
bunutin ang palikpik
(para sa pusa iyan
at ang matirang tinik),
at ilapat sa labi
ang ulo, at sipsipin
ang mga matang dilat:
pagkatapos ay mismong
ang ulo ang sipsipin
hanggang sa maubos ang
katas nito.

Saka mo
umpisahan ang laman.

Unti-unti lang, dahan-
dahan, at simutin nang
husto—kakaunti iyang
ulam natin, mahirap
humagilap ng ulam.
Damihan mo ang kanin,
paglawain sa sabaw.
At huwag kang maangal.
Payat man ang ayungin,
pabigat din sa tiyan.

Alaala ng mga naiwan

Si Bantay na asong hari na ng tapang,
tigasin, ang maton ng sangkaasuhan,
ngayon ay narito sa aming bakuran,
hindi gumagalaw, matigas na't patay.

Marami ang galit kay Bantay, alam ko.
Una na'y ang kanyang mga kapwa-asong
sa away ay laging sugatan at talo.
Pero marami ring nagalit na tao—

mga kinahulán, tinakot, hinabol,
mga nasaksakan ng ilang iniksiyon.
Ako man, madalas, galit sa asong iyan—
ang tigas ng ulo, di mapagsabihan.

Ang tingin ko ngayon sa ayos ng bangkay,
matapang na lason yata ang pumatay—
walang dugo't sugat; wala kahit latay.
Pataksil pinawi ang tapang ni Bantay.

Sapagkat si Bantay, aso naman namin,
sa aming looban ko siya inilibing.
Pero para sa kanya'y walang dalangin,
ni walang hagulhol na handog ang hangin.

Nakatingin sa bituin

Di naman panay dilim
ang gabing walang buwan
pagkat maraming bituin
akong nakita noon,
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Mga hiyas sa langit
('ka nga), nagkikislapan,
wala ni isang pangit,
wala akong makita
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Di ko tuloy napansin
ang dinadaan,
kalsadang walang ningning,
pagkat talagang abala
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Nasalpok ko tuloy,
nasalpok ng isang paa,
ang isang tambak ng
taeng-kalabaw sa daan:
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Santambak na kumalat
sa kalsada't paa ko,
paalala ng lupa
na paa'y nakatapak
paglakad sa lansangan,
nakatingin sa bituin.

Awit sa Ilog Pateros

Tagailog ay di natutong lumangoy:
sa hiya'y matinis itong aking taghoy.
O Ilog Pateros, agos na marahan,
ang paliwanag ko ay iyong pakinggan.

Oo, kung umagang bagong gising tayo,
ginto kang gayuma sa mga tulad ko,
at sa hapon naman, paghimlay ng araw,
ang lambong mo'y pilak na nakasisilaw.

Pero sa pagitan ng umaga't gabi,
ano ang iyong maipagmamalaki?
Putik kang malapot, tahanan ng susô,
lubluban ng kalabaw, tinta ka't tanso.

Waterliling ugat ay makutong buhok,
bituka't atay ng dagang nabubulok,
naglalahong bula ng sabong panlaba,
tae ng tao at tambak na basura—

ito at iba pa, O Ilog Pateros,
ay dalang lagi ng marahan mong agos.
At akong bata pa'y masyadong pihikan,
aasahan bang matutong lumangoy diyan?

Ang matatanda

Mga bata'y isa-isang nagsialis
hanggang matatanda ang tanging natira.
Ang panahon nga naman, napakabilis.

Gayong wala nang tutulongang magbihis,
gumigising pa nang maagang-maaga.
Mga bata'y isa-isang nagsialis.

Ang bakuran, araw-araw, winawalis;
sinisigan ang dahon, bulok na sanga.
Ang panahon nga naman, napakabilis.

Di na kailangan sa malayong batis
dalhin ang ngayon ay kaunting labada:
mga bata'y isa-isang nagsialis.

Sa tikom na bibig ang laway ay panis,
tulala ang dila, kapos ang hininga.
Ang panahon nga naman, napakabilis.

Mga alaalang kulang na sa tamis
ay titikmang lahat ng uod na dala.
Mga bata'y isa-isang nagsialis—
ang panahon nga naman, napakabilis.

Pusa sa kalsada

Ang abuhing pusa sa harap ng bahay
ay pusa naming tatlong araw na yatang
nawawala. Ngayon, eto siya, kampanteng

nakahilata sa kalsada, halatang
patay. Kung sino ang yumari at sino
ang nag-iwan dito ay hindi ko alam.

Ang alam ko'y kawatan ang aming pusa,
nagbubungkal gabi-gabi sa kusina
ng kung sino-sino, hindi lang sa amin.

Kagabi pang ako'y nakakatulog na,
may naamoy akong parang naaagnas,
pero dahil gabi'y hindi ko pinansin.

Madaling-araw nang ako'y magising. Nang
buksan ko ang bintana, tumambad agad
ang patay na pusa sa harap ng bahay.

Isang aleng napaaga rin ng gising
ang nagdaan, nagtakip ng ilong, diring-
diri. Tinitigan ako nang masama.

Tiim-bagang akong nagpunta sa likod-
bahay, naghukay nang malalim. Pagkatapos,
dala ang pala, dustpan, posporo, diyaryo,

at samboteng gaas, pumasakalye ako.
Parang pawisan ang katawan ng pusa,
walang balahibo ang bundat na tiyan.

Pinaliguan ko ng gaas ang bangkay,
kinumutan ng diyaryo, at sinindihan
ang kumot—na agad nagliyab, nanliit.

Umanyong gigising ang pusa; umunat
ang katawan nito, tumaas ang paa,
parang naghihikab lang, nag-iinat—at

bumuka ang bibig, pumutok ang puwit,
parang bigas na biglang bumuhos ang mga
uod, puting-puti, maliit, malikot,

namamaluktot sa kalye, mga anak ng
apoy, nilalamon ng gutom na apoy.
Kinilabutan ang ilang nagdaraan.

Tinanggap ng dustpan ang tulak ng pala.
Hindi pa nagkasya ang ulo, sumuka
uli ng uod na nagkikisay.

Patakbo kong dinala sa naghihintay
na hukay ang pusang sunog, tinabunan ko
ang butas, pinukpok ng pala ang lupa.

Ni wala nga palang pangalan ang pusa
namin, hindi nabigyan. Balik sa kalye,
kunin ang bote ng gaas.

Uod, uod.

Hindi ako makakapag-almusal nito.

Ahas sa bukid

Kislap ng balat ng manipis na ahas
na mula sa basang bukid ay lumabas
at biglang huminto sa tabi ng landas
ang nagpatigil sa aking pagkaladkad
ng mga paang mabigat na mabigat.

Marahang nahulog ang kinang ng ambon.
Sa damo ng bukid, marikit na lambong
ang ginawa, pero marikit pa roon
sa brilyanteng balat ng payat na ahas—
kagandahang noon ko lamang namalas.

Nahalata yata nitong ahas na may
isang nakatingin, lalaking matamlay,
solong naglalakad, ayaw pang mahimlay
gayong gabi'y tikom ang bibig, at buwan
ay halos matakpan ng marahang ulan,

pagkat nagtaas siya ng ulo, naghintay,
nakiramdam, at nang hindi gumagalaw
ang kahit man lamang kilay ko, bigla ay
kumislot ang katawan niyang tila hiyas,
ulo'y lumapag sa tatawirang landas.

At sa kilos niyang iyon, mahinhin at agad,
ewan ko kung anong demonyo ang bumuhat
sa kanan kong paa, para ibagsak
sa ulo ng walang-labang ahas. Ewan ko.
Namilipit siya, tuliro, pisa ang ulo.

Kung bakit di ako nanghilakbot noon
ay siya ngang ipinagtataka ko ngayon.
Awit ng tagumpay, gayong walang hamon,
ang nasa dugo ko't sa kislap ng mata.
Magaang bumagsak na muli ang paa,

at hindi tumigil hanggat kumikilos
ang munting katawan. Nang ako'y matapos,
wala nang dugo pang pupuslit, aagos,
at ang laman ay nagsambulat, alahas
na kakalat-kalat, isang dating ahas.

Mananatiling tikom ang bibig ng gabi,
at ang damo, ulan, buwan, masasabi
ay ano? Pero parang namimitig lagi
ang kanan kong paa. Bakit naibunton
sa ahas ang sama ng loob ko noon?

Dapithapon

Pagod, naupo siya sa tabi ng ilog
sa ilalim ng dahong tiklop ng akasya.
Nanlulupaypay na tumayo sa tubig
ang patpating kangkong sa kanyang paanan.

Ang walang-agos at natutuyong ilog
ay hindi ginulo ng mga paa niya
at hindi tumutol ang paos niyang tinig
sa pamamayani ng katahimikan.

Subalit matigas ang tigang na lupa,
at hapo, nagbalik siya sa kanyang silid.
Pinisil ng palad ang pikit na mata.

At huminga siya nang malalim, nahiga
nang walang-tinag sa makinis na sahig,
at nakipagtitigan sa pundidong bombilya.

Pauwi mula sa sine

Ang lamig ng kalsada'y
lalong pinalalamig
ng lakad kong mabilis.
Halos hatinggabi na
ang sagot ng orasan
ng isang napagtanungan.

Matagal pang maghihintay
para sa pasahero
ang bus na sinasakyan ko,
at ako'y giniginaw.
Ang aking alaala'y
nasa *La Dolce Vita*,

pero ang nakikita
sa kalye ng Echague'y
mailaw na palengke't
baboy na mapupula,
pasan ng mga taong
pawisan pa ang sando;

saka sa harapan ko,
binata at dalaga
(o baka mag-asawang
bagong kasal—ewan ko):
balabal ng babae
ang braso ng lalaki.

Wala akong trabahong
ginagawa kung gabi,
wala akong katabi.
Jaket ang kailangan ko,
o ang matagal ko nang
kaibigang serbesa.

Dalaw

Ako na rin ang nabigla
nang parahin ko ang dyip pagdaan
sa pantiyong ng Pateros.
Hindi masyadong maputi ngayon
ang mga nitso, at ang damo'y
lampas-tuhod ang taas. Malayo pa kasi
ang Todos los Santos.

Tinungo ko ang libingan
ng mga patay ng aming pamilya,
pero nang naroon na ako,
wala akong malamang gawin,
nag-apuhap ako ng dadasalin
para sa mga kaluluwa
ng mga nunong hindi ko nakilala,
lalo na para sa amang nawala
napakaaga.

Maliban sa ilang sasakyang
mabilis mawala sa kalsada,
wala nang ibang
gumagalaw. Naupo na lamang ako
sa ibabaw ng malamig na nitsong
pinagaspang ng mga bukol
ng pinagtirikan ng kandila.
Nakalawit ang mga binti ko't
pabilis nang pabilis na nangunguyakoy—
hanggang sa ako'y mapagod
at maramdaman ko ang pangangalay
ng aking kalansay.

Dala marahil ng unti-unting
pagdilim ng aking paligid,
tinabihan ako ng takot,
pero agad kong ikinahiya
ang nagmamadali kong pag-alis.

Ang dapat paniwalaan

Siya'y pinalaki ng lolang palakuwento,
kaya sa pagtulog ay laging kasiping
ang kapre, tikbalang, multo at maligno,
sanlibo't isang panggabing pangitain.

Itinuro sa kanya ng butihing lola
(kasabay ng katon) ang lahat ng dasal,
antanda sa Latin, senyas at pangontra
sa kapangyarihan ng aswang at kulam.

Subalit pagpasok sa unibersidad,
nang ang kanyang lola'y matagal nang patay,
natutuhan din niya kung ano ang dapat
paniwalaan ng isang edukado:

na ang dapat niyang katakutan ay tao,
at sa tao'y hindi dasal ang panlaban.

Mariang Makiling

Nasa gubat muli ang ating diwata.
Managhoy man tayo'y hindi siya lalabas.
Ang ibig niya'y isang taksil na binata.

Pagsapit ng dilim ang mga bintana
ay dapat isara; dapat nang mag-ingat:
nasa gubat muli ang ating diwata.

Walang masabi ang mga manghuhula,
kahit sino'y walang magawa, sapagkat
ang ibig niya'y isang taksil na binata.

Matapos ang unos, sino ang gagala
upang aluin ang mga sawimpalad?
Nasa gubat muli ang ating diwata

at ngayon ay hindi na nababahala
kung ang mangangaso'y maligaw ng landas.
Ang ibig niya'y isang taksil na binata.

Laganap sa buong bayan ang balitang
tulala siyang lagi't tuhod ang kayakap.
Nasa gubat muli ang ating diwata
pagkat ang ibig ay taksil na binata.

Alamat

Nang tila tabak na sinibak ang hangin
ng lawin ng langit,
gimbal sa lupang nagtatakbo ang inahin
at nagtatawag sa matinis na tinig
sa nagkalat niyang sisiw

“Dito kayo, dito, mga anak, sa mga sulok
ng aking pakpak,
pagkat may-ari ng singsing na naihulog,
naiwala ng nuno nating walang-ingat,
ay heto’t nang-uusig

at kayo ang sinisingil na kabayaran,
kayo, kayong walang
ginawa kundi magmana ng kasalanan.”
Sa inahing mapagmahal ay kulang
sa katwiran ang lawin

na tumataga sa hangin nang walang humpay
at wala ring habag,
nakangising umaawit, mapilit, kumakaway,
“Halikayo, kayo, kayong lumabag,
halikayong mamatay.”

Pabula

Saan ka pupunta, Ginoong Paniki,
ngayong narito ang gabi ng ligalig?
“Sasalakayin ko, Ginoong Butiki,
ang moog ng dilim sa ating paligid.”

Bakit, ayaw mo ba, Ginoong Paniki,
ng ningas-bombilya sa loob ng bahay?
“Ang tala sa labas, Ginoong Butiki,
maraming hiwagang maisasalaysay.”

Sa tanglaw ng tala, Ginoong Paniki,
may makikita bang maliit na lamok?
“Hindi lamang lamok, Ginoong Butiki,
mga halimaw pang kakila-kilabot.”

Ang mga halimaw, Ginoong Paniki,
ay masasarap ba’t madaling hulihin?
“Dapat pang labanan, Ginoong Butiki,
at baka ikaw ang kanilang lamunin.”

Ano pa ang meron, Ginoong Paniki,
na angkop sa aking pihikang panlasa?
“Maraming-marami, Ginoong Butiki.
Gusto mong malaman? Halikang sumama.”

Ay, nais ko sana, Ginoong Paniki,
subalit ako ay isang butiki lang.
“Kung gayon, diyan ka na, Ginoong Butiki,
sapagkat ikaw ay isang butiki lang.”

Paalala

Magpahinga ka muna,
O masipag kong giliw.
Itabi mo ang plantsa,
tayo muna'y mag-aliw.

Isabit na ang sandok.
Umalis sa makina.
Itago ang bunot.
Hamo na ang kinula.

Ngayon din ay bitiwang
ang lahat ng trabaho,
at baka ka iwanang
bigla ng hininga mo.

At balita ko, libangan
ay wala sa libingan.

Ang damit

Isang kupas na damdaming
ipinasa sa akin
ang suot ng puso ko:
milyon-milyon sa mundo
ang gumamit na nito.

Sino'ng makakahalata
na ang suot ko'y luma?
Kahit kupas ay mukhang
kabibili pa lamang.
Isa pa'y bagay naman

at kasyang-kasya sa aking
pusong ang tanging daing
ay hindi siya marunong
magdala, palibhasa
ay ngayon lamang yata

nakapagbihis ng tanyag
na kasuotang nagbuhat
sa baul pa ni Eros
na naawa sa isang
pobreng taga-Pateros.

Taong-bahay

Paos na kahulan ng aso sa dilim,
ginulat ng kaluskos na kung saan nagbuhat,
sa balahibo'y bumagabag,
nagsara ng puting labi, nagpaudlot-
hininga.

Hindi mapakali ang kanyang mga mata.
Ang walang-alintanang anasan ng kuliglig
ay maulit sa pandinig,
lalo pang lumakas; walang nahalatang
kaiba.

Sa isip ay ano't lumamig ang hanging
maraming dalang tanong: ano iyong bumagsak
sa labas, ano ang pagaspas
sa bubungan? Ayaw niyang tumayo at
magsiyasat.

At nang tumahimik na ang mga aso,
biglang pasok ng pusa, palundag sa bintana,
ay gumulantang sa katawan.
Magaspang sa bibig ang hangin pagpigil
ng tili.

Nagsara siya ng bintana, binuksan niya
ang lahat ng ilaw, at nagbalik siya sa kama
agad, sa tabi ng katawang
mainit ng pusang makinis sa palad
ang likod.

Makinis sa palad ang likod ng pusang
walang kibo at walang pakialam sa kanyang
pangamba. Anong oras kaya,
anong oras uuwi ang kanyang mga
kasambahay?

Utos ng hari

Sapagkat tapos na ang panahon ng mga bayani
na naglaho't sukat nang wala nang magawa;

sapagkat ang espada nila'y matagal nang bali-bali
at ang apoy at bagyo ay namayapa;

sapagkat, sa gubat na hindi na kailangang daanan,
ang nuno sa punso'y wala nang dilihensiya;

sapagkat nangibang-bayan na ang tulirong tikbalang
at ni isang aswang ay walang natira;

ngayon, samakatwid, ay hayaang mapagtibay,
tulad ng dito'y pinagtitibay,

na minsan sa isang taon ay ipag-aalay
ang mga mabunying bayani ng lahi

ng mababangong bulaklak at mahahabang talumpati,
at ipakukulong ang sinumang magtangka

na muling pumasok sa gubat, at ipabibitay
ang sinumang maghanap sa bundok ng diwata.

Bangungot

Para akong

madalas mangyari ito

para akong nagigising sa gabi

at sa aking tabi

may nakaupo

walang inuupuan pero tuwid ang upo

tahimik nagbabantay

batang munti

nakabarong-Tagalog na puti

kalansay ng mariposa ang palamuti

hindi ko maaninag ang mukha

agiw ang anino sa mukha

pero kilala ko

sa pangalan:

Kamatayan.

Ikaw ang nakaupo

walang kakibo-kibo

Kamatayan.

Bumubuka

ang aking bibig

walang tinig

hanging malamig ang umaalpas sa labi

halumigmig ang humahagod sa balahibo

hamog ang nanunuot sa balat

bumibigat

ang aking mga buto

naninigas ang buo kong katawan

kailangang maigalaw

ko ang aking bisig

ang aking kamay kahit

hintuturo man lamang

kailangang
 maging tinig ang aking hininga
 maging
 HIYAW!
 kailangang magising ang mga kasambahay
 mabulahaw ang mga kapitbahay
 kailangang
 maigalaw
 ko ang aking kamay kailangang
 buksan ang
 patay na ilaw
 kung hindi
 ay hindi
 na makagagalaw
 ang anumang bahagi ng aking katawan
 kailanman.
 Kamatayan
 nakaupo ka sa hininga
 ko humihingal
 ako bumabagal
 ang agas ng hangin sa aking bibig
 hinahadlangan ng bikig
 ang aking hininga
 kailangang sumigaw kailangang
 gumalaw
 ang isa kong kamay kailangang
 gumising bumangon kailangang
 BUKSAN ANG ILAW!
 kung hindi
 ay tatayo ka
 Kamatayan

bababa ang anino sa barong-Tagalog mong puti
babagsak ang liwanag sa manipis mong labi
lalapit ang iyong sampung daliri
hindi

na ako makagagalaw

hindi

ko na mabubuksan ang ilaw hindi
na ako magigising
hindi ko na mapagmamasdan
ang iyong mukha

ang iyong mata

ang iyong maharlikang kabulukan

Kamatayan

Pasyong mahal ni San Jose

*Matay na niyang isipin
ang kabuntisan ng Birhen
anopa't babaling-baling,
walang matutuhang gawin,
ang loob niya't panimdim.*

— PASYON

Pait, katam at martilyo,
ibubulong ko sa inyo
ang masaklap kong sikreto:
hindi ko pa inaano
ay buntis na ang nobya ko.

Ang sabi ng anghel, wala
akong dapat ikahiya,
walang dahilang lumuha;
dapat pa nga raw matuwa
pagkat Diyos ang gumahasa.

Martilyo, katam at pait,
makukuha bang magalit
ng karpintero? Magtiis.
Ang mahina at maliit,
wala raw laban sa langit.

Halaw kay Su Tung-p'o

Kung may ipapanganak
ang dasal ng pamilya
karaniwa'y ganito:
"Maging matalino sana."

Sapagkat ang buhay ko'y
winasak ng talino,
gusto kong ang anak ko'y
lumaking tanga't gago.

Sa gayon ay magiging
tahimik ang buhay niya,
at sa kanyang pagtanda'y
magiging senador pa.

Kanta ni Kulaspirong Kulang-kulang

No'ng unang panahon, bata pa si Sabel,
hindi pa 'ko noon masyadong matabil.
Bata pa rin akong nakakorto't supot,
ipinaglihi pa raw ako sa balut.

Ang sabi sa akin ng lolo kong bulag:
Kung mapaaway ka, puwera sipa sa bayag.

Balita ko, ako e kulang sa pito,
hanggang dose anyos e hindi matutong
gumamit man lang ng kutsara't tinidor
at di makagawa ng papel na bapor.

Ang utos sa akin ng tiyo kong pilay:
Dili ka man lagi magatigil sa balay.

Pero isang gabi me mga dumating,
labintatlong anghel na sakay ng kuting.
Binatukan nila ako't kinarate
hanggang sa tuluyan akong naturete.

Ang payo sa akin ng pinsan kong senglot:
Konting pino lang, tsoy, kung kaharap ng bebot.

Kulot ang usok ng aking sigarilyo.
Papeles ang laman ng aking portpolyo.
Kumanta man ako'y kung nasa banyo lang.
Hinahanting ako ng San Antonio Gang.

Ang bulong sa akin ng giliw kong bagyo:
Tama na't masama'ng malibog na masyado.

Sa kanto ng Langit at Laong Laan

Gusto kong malaman n'yo
ang nangyaring gulo
sa kanto ng Langit at Laong Laan.

Bandang hatinggabi noon.
Sakay ako ng dyipni, sa harap nakaupo.
Hindi ko maalala
kung saan ako papunta
at kung saan nanggaling,
pero sigurado kong hindi ako lasing.

Dahan-dahan ang aming takbo
nang walang ano-ano
sumulpot ang pulutong ng diyablo
mula sa isang eskinita,
tumawid ng Laong Laan.
May hinahagad silang mamang nakakarsonsilyo,
labas ang ngiping hindi yata sinisipilyo.
Nagkapulu-pulupot ang trapik
sa kanto ng Langit at Laong Laan.

Ang sinasakyan kong dyip, pu
tangna, nawalan ng preno.
Naiwasan nga ang mamang nakakarsonsilyo,
pero isang mukhang hostes na nakamini,
nagmamadali pa naman ng pagtawid,
ay purbida man gid!
naipit
nang mabangga ng aming dyip
ang taksing nauuna.

Tumilapon ang bag ni Kulasa
 at naghalo ang balat sa tinalupan:
 nadurog ang balakang;
 ang paa, naging sakang;
 bumukas ang bibig pero hindi makatili;
 ang labing may lipistik, namuti;
 at nalaglag ang panti.
 Shantih shantih shantih.

Iyon namang mamang hinahabol
 nasukol
 sa kanto ng Langit at Laong Laan,
 at tinambangan;
 nang makaalpas ay sapo-sapo ang tiyan,
 nagsisisigaw na parang luko-luko:
 "Nasaksak ako! Nasaksak ako!"
 Patungong UST siya nagtatakbo
 at isinumbong
 sa hangin ng karsonsilyo niyang namula
 pagkat hindi ikinula
 na lalawit-lawit ang kanyang tumbong,
 parang kampana.
 Ano ang nagawa niyang pagkakasala?

Nang dumating ang pulis,
 tinigasan silang lahat nang makita
 ang aleng ginahasa ng dyipni't taksi.
 Ito ang nangyari. Ako ang saksi.

Ni hindi man lang nadiyaryo
 ang nangyaring gulo
 sa kanto ng Langit at Laong Laan.

Santong paspasan

Nang kidnapin si Maritess
ng anak ng
konggresman,
parang alitaptap
ang mga bituin
at kabilugan ng buwan.

Nang dalhin sa Novaliches
si Maritess,
isinasayaw ng hangin
ang nagtataasang talahib
at nanginginig
ang mga kuliglig.

Apat na kabarkada
ang kasama
ng anak ng
konggresman
sa kanyang bagong Mustang
at kamukha ni Susan Roces
si Maritess.

Nang hablutin ng barkada
ang pantsuit ni Maritess
na yari sa hablon
at pinaghirapan ng bakla,
lumilindol sa Maynila
at nagdidemonstrasyon
sa Embassy ang mga bata.

Nang hapusin ng barkada
ang panti ni Maritess
at dukutin ang kanyang Tampax,
gumagapang ang teargas
sa mga kalsada ng Sampaloc
at inirirekomenda ni Susan Roces
sa TV ang Lux.

Apat na kabarkada
ang kasama
ng anak ng
konggresman
sa gitna ng talahiban
at lima ang sumampa
kay Maritess.

At nang nailabas ng lima
ang kanilang sama ng loob
sa nagdurugong kalooban
nitong dating donselya,
nagsindi sila ng blue seal
at sinunog ang bulbol
ni Maritess.

Apat na kabarkada
ang kasama
ng anak ng
konggresman
sa kanyang bagong Mustang
at kamukha ni Bella Flores
si Maritess.

Nang pakawalan si Maritess
ng anak ng
konggresman,
naglasing ang boyfriend niya,
kinilig sa tuwa ang mga diyaryo
at nagsalsal ang mga pulis.

Tatakbo si Konggresman
sa darating na halalan.
Huwag natin siyang kalilimutan.

Ang mga kagila-gilalas
na pakikipagsapalaran
ni Juan de la Cruz

Isang gabing madilim
puno ng pangambang sumakay sa bus
si Juan de la Cruz
pusturang-pustura
kahit walang laman ang bulsa
BAWAL MANIGARILYO BOSS
sabi ng konduktora
at minura
si Juan de la Cruz.

Pusturang-pustura
kahit walang laman ang bulsa
nilakad ni Juan de la Cruz
ang buong Avenida
BAWAL PUMARADA
sabi ng kalsada
BAWAL UMIHI DITO
sabi ng bakod
kaya napagod
si Juan de la Cruz.

Nang abutan ng gutom
si Juan de la Cruz
tumapat sa Ma Mon Luk
inamoy ang mami siopao
hanggang sa mabusog.
Nagdaan sa Sine Dalisay
tinitigan ang retrato ni Chichay
PASSES NOT HONORED TODAY
sabi ng takilyera
tawa nang tawa.

Dumalaw sa Konggreso
si Juan de la Cruz
MAG-INGAT SA ASO
sabi ng diputado.
Nagtuloy sa Malakanyang
wala namang dalang kamanyang
KEEP OFF THE GRASS
sabi ng hardinero
sabi ng sundalo
kay Juan de la Cruz.

Nang dapuan ng libog
si Juan de la Cruz
namasyal sa Culiculi
at nahulog sa pusali
parang espadang bali-bali
YOUR CREDIT IS GOOD BUT WE NEED CASH
sabi ng bugaw
sabay higop ng sabaw.

Pusturang-pustura
kahit walang laman ang bulsa
naglibot sa Dewey
si Juan de la Cruz
PAN-AM BAYSIDE SAVOY THEY SATISFY
sabi ng neon.
Humikab ang dagat na parang leon
masarap sanang tumalon pero
BAWAL MAGTAPON NG BASURA
sabi ng alon.

Nagbalik sa Quiapo
si Juan de la Cruz
at medyo kinakabahan
pumasok sa simbahan
IN GOD WE TRUST
sabi ng obispo
ALL OTHERS PAY CASH.

Nang wala nang malunok
si Juan de la Cruz
dala-dala'y gulok
gula-gulanit na ang damit
wala pa ring laman ang bulsa
umakyat

sa Arayat

ang namayat

na si Juan de la Cruz.

WANTED DEAD OR ALIVE

sabi ng PC

at sinisi

ang walanghiyang kabataan

kung bakit sinulsulan

ang isang tahimik na mamamayan

na tulad ni Juan de la Cruz.

Mula sa

Sa Panahon ng Ligalig
Tula, Awit, Halaw
(1991)

Mga tulang kalye

1.

*Ang laki sa layaw,
karaniwa'y hubad—
mabuti pa si Tarzan,
me konting bahag.*

Si Donya Rosario,
mas lalong mabuti—
ang lahat ng terno,
tadtad ng brilyante.

2.

*Konting bato,
konting simento—
monumento!*

Pero walang umento,
walang memento
si Karyong Kantero.

3.

*John and Marsha
sa Amerika—
kaya ikaw, John,
magsumikap ka!*

Juan at Maria
diyan sa pabrika—
magsumikap man,
aasenso ba?

4.

*Ako'y tutula,
makatang-makata.
Ako'y sisinghot,
benteng kulangot.*

*Ito'y babala
ng dalitang-dalita—
ang wala kahit kusing,
kakapit sa patalim.*

5.

*One two
one two three
one two three four
let's go!*

*Yelo,
malamig—
pag natunaw,
tubig!*

*Tingting,
manipis—
pag binigkis,
walis!*

Piyon,
patapon—
pag nagtipon,
unyon!

Mangmang
ay bulag—
pag namulat,
kidlat!

Dukha'y
tahimik—
pag nagalit,
lintik!

Bayang
busabos—
pag kumilos,
unos!

Mga kundiman sa panahon ng ligalig

1.

Madalas kang lumuluha,
at laging dahil sa akin—
noon, pagkat ako'y wala,
at ngayon, pagkat kapiling.

Sama ng loob at sakit
ng ulo, buntong-hininga,
paninikip ng dibdib
ang dulot ko sa tuwina.

Di kita mapangakuan
ng buhay na walang pait,
walang alon, dilim, ulan,
walang sikdo ng panganib.

Sa kaarawan mong ito
sa panahon ng ligalig,
ano ang maibibigay ko
kundi balisang pag-ibig?

Ibibigay ko na rin
ang pag-ibig kong balisa:
sa luha'y ating katasin
ang ilang patak ng ligaya.

2.

Isang masamang panaginip
ang gumising sa akin, mahal.
Napanaginipan kong ikaw at ako'y
malaon nang patay.
Ang ating libingan
ay maaliwalas na kuwarto
sa ilalim ng lupa, walang
muwebles o anumang adorno,
wala kahit libro.
Sa di ko malamang dahilan,
buo pa ang ating katawan.

Nakahiga tayo sa sahig,
naghuhuntahan. Walang
ano-ano, may narinig tayong
mga ingay mula sa ibabaw.
Tilaok ng tandang, huni ng maya,
kaluskos ng walis-tingting sa lupa,
pukpok ng martilyo, sigaw
ng magbabalut o magtataho—
hindi natin matiyak kung ano.

Tumayo ako para alamin
pero pinigilan mo ako, at sabi mo:
“Tahimik na tayo dito. Bakit
maghahanap ka pa ng gulo?”

Hindi hari, hindi pari

Hindi hari, hindi pari,
hindi talim ng tari
o ngipin ng lagari
ang kumikital ng tula.

Ang kumikital ng tula
ay hindi mainit na tingga
na sumasabog sa mukha
ng kaloobang salungat.

Sa kaloobang salungat
sa batas ng mga bundat,
walang dulot na sindak
ang bendisyon at berdugo.

Ang bendisyon at berdugo
na lumuluklok sa ulo
at bumibigti ng berso
ay sarili mong pangamba.

Ay, sarili mong pangamba,
mabalahibong gagamba,
ang sumasapot sa pandama
at sa tugma'y lumalagot!

Ang sa tugma'y lumalagot,
pumapatid, pumupugot,
ay hindi tao, hindi hayop.
hindi hari, hindi pari.

Hindi anupaman kundi
ikaw, makata, mangyari
pasintabi ka nang pasintabi
kahit pinuputulan na ng ari.

Mga paksang awit na pampelikula

1.

BLUE BOY

Blue Boy, 1970

Blue boy,
sa lungsod ng ligaya
bakit ka malungkot?
Saan ka papunta?

Blue boy,
trabaho mo ay pag-ibig.
Para sa buong mundo
ang labi mo't bisig.

Saan ka man maglakad,
Dewey o Luneta,
dead na dead sa iyo
ang lahat—

pinag-aagawan
ng may-asawa't wala,
hay-sosayti't dukha
at bakla.

Blue boy,
sa lungsod ng ligaya
bakit ka nag-iisa?
Saan ka papunta?

2.

ISANG KARANIWANG TAO

Jaguar, 1979

Siya'y isang karaniwang tao,
katulad mo, katulad ko:
nangangarap, umaasa
ng kinabukasang maganda;
parang inakay sa pugad,
gustong lumipad,
gustong maabot ang ulap.

Hindi demonyo, hindi santo,
katulad mo, katulad ko:
umiibig, iniibig;
kung inaapi, nagagalit;
simple lamang ang gusto:
ayos na mundo,
walang atsoy, walang amo.

Siya'y isang karaniwang tao,
katulad mo, katulad ko:
gabi't araw nagsisikap
upang pangarap ay matupad;
parang sanggol sa banig,
gustong tumindig,
gustong lumakad nang tuwid.

3.

SANGANDAAN

Sister Stella L., 1984

Walang komplikasyon
ang buhay mo noon:
kalooban mo'y panatag,
kalangitan ay maliwanag,
ang daan ay tuwid at patag
sa buhay mo noon.

Ngunit bawat pusong naglalakbay,
dumarating sa sangandaan:
ngayong narito ka,
kailangang magpasiya.
Aling landas ang susundin ng puso?
Saan ka liligaya, saan mabibigo?
Saan ka tutungo?

Kay daling sumunod
sa hangin at agos:
aasa ka na ang dalangin,
gagabay sa 'yong damdamin.
Ngunit saan ka dadalhin
ng hangin at agos?
Alam mong bawat pusong nagmamahal,
dumarating sa sangandaan:
ngayong narito ka,
kailangang magpasiya.
Aling landas ang susundin ng puso?
Saan ka liligaya, saan mabibigo?
Saan ka tutungo?

4.

ALING PAG-IBIG PA
Sister Stella L., 1984

Aling pag-ibig pa
ang hihigit kaya
sa pag-ibig ko sa iyo,
bayan ko?
Sa hirap at ginhawa,
sa ligaya't dalita,
ako'y kasa-kasama mo.

Kung ang gintong palay
ay kumakaway,
katabi mo ako sa bukid,
bayan ko.
Kung tigang ang lupa
at di ka makaluha,
ako ang magdidilig.

Kung ang bulaklak
ay humahalimuyak,
igagawa kita ng kuwintas,
bayan ko.
Kung namiminsala
ang bagyo't baha,
ako'y may kubong ligtas.

May pag-ibig pa bang
higit na dakila
sa pag-ibig ko sa iyo,
bayan ko?

Wala na nga, wala.

Wala na nga, wala.

Wala na nga, wala.

Pagkain ng special halo-halo: Isang palaisipan sa tag-init

'Ika ko,
"Paano ba kinakain
ang special halo-halo?
Inuuna ba
ang tumpok ng sorbetes
sa ibabaw ng kinaskas
na yelo?"

○

inihahalo muna ang sorbetes
at saka kinakain?"

'Ika niya,
"Ano ba ang problema?"

'Ika ko,
"Kung sorbetes
ang una mong uupakan,
ang isusunod mo'y
wala yatang pagkakaiba
sa regular halo-halo.
Kung ang sorbetes naman
ay ihahalo mo muna,
hindi mo
mananamnam nang husto
ang sorbetes."

'Ika niya,
"Kung ano-ano
ang pinoproblema mo.
Maghahalo din iyan
sa tiyan.
Pasalamat ka't nakakakain ka
ng special halo-halo."

Sining ng pagtula

Kung baga
sa palay, ang tula
ay binabayo o kinikiskis,
saka tinatahip, bago
ialok sa madla.

Kung baga
sa bigas, ang tula
ay pinipilian at hinuhugasan
bago isaing.

Panghalo sa kaning-baboy
ang hugas-bigas, patuka
sa manok ang piniling palay,
ibinubudbod sa lupa
ang ipa at bato.
Ang inihahain sa mesa
ay kaning umaaso.

Kung baga sa bigas,
hindi rin naman mainam sa tula
ang sobrang kiskis at kinis.
Malinamnam ang milagrosa,
pero masustansiya
ang bigas na pula.

Sa kabukiran

Sa kabukiran walang kalungkutan

daw:

kaya ako ngayo'y hahayo na, hahayo sa kabukiran,
at nang makalanghap naman ng simoy ng amihan
at makakita ng alitaptap sa lunting kawayan
at makarinig ng huni ng katiwasayan.

Pero doon, ang katiwasayan pala
ay wala na.

Ang naroon ay namimitig na pintig ng planta nuklear,
singasing ng mga lagaring sa bundok ay kumakalbo,
batisang pinaitim ng grasa, pinapula ng kemikal,
at sa tuwi-tuwina, putukang umaatikabo
sa kabilang ibayo
at halimuyak ng pulburang isinasaboy ng hangin,
halimuyak ng mga bangkay na nabubulok sa talahib.

Paano pa ako hahayo kung sa gabi't araw,
naririnig ko ang hinaing ng hamog sa sunog na parang?

Kahit nakakabingi

ang istiryo, radyo, telebisyon at jukbaks sa tabi-tabi,
naririnig ko ang panaghoy ng naghihinalong tutubi.

Ang mga nawawala

Isang araw sila'y
nawala na lang at sukat.
May hindi pumasok sa opisina,
hindi sumipot sa apoyntment,
nang-indiyan ng kadeyt.
May hindi umuwi ng bahay
at hindi nakasalo
ng pamilya sa hapunan,
hindi nakasiping ng kabiyak.
Ang inihaing ulam ay ligalig,
at ang inilatag na banig
ay ayaw dalawin ng antok.

Nang hanapin sila'y
walang masabi
ang kamag-anak at kaibigan,
walang ulat ang pulisya,
walang malay ang militar.
Kung mayroon mang nakakita
nang sila'y sunggaban
ng malalaking lalaki
at isakay sa dyip o kotse,
pabulong-bulong ang saksi,
palinga-linga,
at kung pakikiusapang
tumestigo sa korte,
baka ito'y tumanggi.

Pagkaraan ng ilang araw,
 o linggo, o buwan, o taon,
 pagkaraan ng maraming
 maghapon at magdamag,
 pagkaraang ang agam-agam
 ay magparoo't parito
 sa mga manhid na pasilyo
 at ang pag-aasam-asam
 ay mapanis sa mga tanggapan,
 pagkaraan ng luha't tiyaga,
 ang ilan sa kanila'y
 muling lumitaw.

Lumitaw sila
 sa bilangguan, sa bartolina,
 sa kubling bahay na imbakan
 ng ungol, tili at panaghoy,
 himpilan ng mga berdugong
 eksperto sa sanlibo't isang
 istilo ng pagpapahirap.
 Lumitaw silang
 bali ang buto o sira ang bait.
 O kaya'y lumitaw silang
 lumulutang sa mabahong ilog,
 o nakahandusay sa pampang,
 o umaalingasaw
 sa mga libingang mababaw
 na hinukay ng mga asong gala.
 Lumitaw silang
 may gapos ang kamay at paa

na wala nang pintig, o watak-
watak ang kamay, paa, ulo,
o tadtad ng butas ang bangkay,
likha ng bala o balaraw.

Ang iba'y hindi na lumitaw,
hindi na kailanman lumitaw,
nawala na lang at sukat,
walang labí, walang bangkay,
hindi malaman kung
buhay o patay,
hindi mapaghandugan
ng lamayan, pasiyam, luksa,
hindi maipagbabang-luksa,
hindi maipagtirik ng kandila
kung Todos los Santos.
Nakaposas pa ba sila
sa paa ng kinakalawang na kama
sa loob ng kuwartong may tanod,
busog sa bugbog,
binabagabag ng bangungot,
sumisipol kung nag-iisa
ng "Saan Ka Man Naroroon,"
iniisip kung ano ang iniisip
ng magulang at anak,
kasintahan o kabiyak?
O sila ba'y
umayaw na sa pakikibaka
at nagbalik sa dating buhay,
o nagtaksil sa simulain
at nagtatago sa takot,

o nag-asawang muli
at nangibang-bayan,
o tinamaan ng amnisya
at lalaboy-laboy sa lansangan,
o lihim na namundok
at nag-iba ng pangalan?
O sila ba'y
pinagpapasasaan na ng uod?
Nag-ugat na ba ang talahib
sa mga mata ng kanilang bungo?
Bahagi na ba sila
ng kanilang lupang tinubuan,
ang lupang kanilang ipinaglaban?

Sinusulat ko ito
para sa mga kakilalang
hanggang ngayon ay nawawala,
para kina Charlie del Rosario
at Caloy Tayag
at Manny Yap
at Henry Romero
at Jun Flores
at Rudy Romano,
sila na kahit hindi ko
nakilala nang husto
ay alam kong naglingkod
sa api at hikahos.
Buhay man sila o patay,
sa aking alaala'y
mananatili silang buhay.

In memoriam

I

Dumadapa ang talahib
 sa hampas ng hangin at ulan,
 nanginginig ang dahon ng kamyas.
 Masuwerte ako't may bubong sa aking ulunan
 at masasarhan ko ang bintana
 kung ako'y maanggihan.
 Masuwerte, di tulad ng puno ng bayabas
 na susuray-suray, parang babagsak;
 di tulad ng mga hinahaplit ng lamig
 sa bangketa, sa ilalim ng tulay,
 sa loob ng mga dingding na yero't karton,
 o sawali't kugon,
 sa tubuhan at talahiban, sa gubat, bundok at parang.

Masuwerte ako't nararamdaman ko pa ang lamig.
 Marami na ang nilagom ng lamig,
 at ang aking dibdib
 ay parang niyog na pinupukpok ng mapurool na itak
 ngayon, habang ginugunita
 silang wala na sa ating piling:
 Emmanuel, kapatid;
 Leo, bayaw;
 Dodong, inaanak;
 Eugene, Tony, Lorena, Lerry,
 Charlie, Caloy, Henry, Jun,
 pati si Edjop na aking tinuya,
 oo, pati na rin si Ninoy na pinagdamutan ko ng tiwala,
 silang hindi lamang mga pangalan sa lapida
 kundi kakilala, kaibigan, kasama
 sa litanya ng aking lumbay.

Hindi ko iniluluha ang kanilang pagkamatay.
 Ang kamatayan para sa layuning wagas
 ay bulaklak ng tagumpay,
 tanglaw sa mabatong landas.

II

Nagiging sentimental ba ako?
 Pasensiya, ginoo, ganito siguro ang minumulto.
 Ganito ang nangyayari kapag
 bumabagyo sa labas at walang magawa sa loob ng bahay,
 at sa kalooban ay dalawang bato ang nag-uumpugan:
 tungkulin at hangarin,
 hangarin at tungkulin.
 O sabihin nating
 tungkulin sa iba at tungkulin
 sa sarili. O
 sabihin nating hangaring
 maging langgam, nangangalap ng makakain
 para sa kapwa langgam,
 at hangaring maging tipaklong, salaginto,
 kumakanta, nagniningning.

Marami na akong narating
 sa mga oras na gising,
 kung minsan ay nakikihalo
 sa mga mano-mano at labulabo, kahit nangangalog
 ang tuhod, at kung minsan,
 namumulot ng lumot sa mga nalimutang ilog.
 Kung saan-saan na ako nahiga't natulog:
 damuhan, batuhan, matigas na lupa,
 makitid na bangko, malapad na mesa,

sahig na tabla, may banig, walang banig,
 sahig na semento, natatakpan lamang ng diyaryo,
 silat-silat na sahig na kawayan,
 tinatagos ng alimuom,
 kinakalawang na tarima
 sa seldang wala pang isang dipa ang bintana.
 Ngayon ay nakalatag ako sa kutson,
 nababalot ng kumot, nangangarap nang gising.

Hinahalinhan ng hininga
 ang haginit ng hangin
 habang ginugunita
 silang wala na sa ating piling:
 Emmanuel, kapatid;
 Leo, bayaw;
 Dodong, inaanak;
 Eugene, Tony, Lorena, Lerry,
 Charlie, Caloy, Henry, Jun,
 pati na si Edjop na aking tinuya,
 oo, pati na rin si Ninoy na pinagdamutan ko ng tiwala.
 Sila'y nangarap din nang gising
 subalit ang mga pangarap nila'y matalim na bituin.
 Ang mga berdugo't panginoon
 ay natakot sa kanilang mga pangarap.
 Natakot na baka ang kanilang mga pangarap
 ay magkatotoo.
 At dahil dito sila'y wala na sa ating piling.

III

Alang-alang sa masaganang dugo
na bumulwak sa batok na pinasok ng punglo,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nagsasawalang-kibo.

Alang-alang sa sampal,
suntok, dagok, kulata, pangunguryente ng bayag,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nagkikibit-balikat.

Alang-alang sa masakit na hampas
ng batuta sa likod at tubo sa balakang,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nagtutulug-tulugan.

Alang-alang sa alambreng tinik
na iginapos nang mahigpit sa tuhod at hita,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nagwawalang-bahala.

Alang-alang sa pagkaladkad sa lansangan
ng bangkay na inihulog nang walang kabaong sa hukay,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't walang pakialam.

Alang-alang sa nagitlang mukha
ng buntis na tinadtad ng bala ang tiyan,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nagmamaang-maangan.

Alang-alang sa damit na natigmak ng dugo
at pinaknit sa katawan ng ginahasang puri,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nagtataingang-kawali.

Alang-alang sa nilalangaw na katawan
at pugot na ulong itinulos sa libis ng nayon,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nag-uurong-sulong.

Alang-alang sa mga kamay na pinutol
para hindi na kailanman makapagpaawit ng gitara,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nagtatakip ng mata.

Alang-alang sa tagilirang binuksan
at pinagpasakan ng utak mula sa biniyak na bungo,
kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't nakahalukipkip, nakayuko.

Kaawaan, patawarin, Panginoon,
ang mga berdugo't lahat kaming
naglalambitin sa balag ng alanganin,
sapagkat ang bayang naghahangad ng katarungan,
pagdating ng panahon ng paniningil ng utang,
pagdating ng panahong uulan ng luha at dugo,
ay baka hindi na marunong
maawa't magpatawad,
baka hindi na marunong maawa't magpatawad.

Diyalogo ng diwa at damdamin

Diwa:

Ang hirap lumikha sa kasalukuyan
kung ang likhang-sining ay tinatanuran.
Ang hirap kumanta ng kantang mainam
kung titik at himig ay binabakuran.

Damdamin:

Kung minsan, kung minsan
ay pinuputulan,
aruy, aruy, aruy, pinuputulan
o tuluyan pa ngang ipinagbabawal.

Diwa:

O tuluyan pa ngang ipinagbabawal.

Damdamin:

Kung iyan ang suliranin
ano ba ang dapat gawin?

Diwa:

Kung ako ang tatanungin
ito ang aking sasabihin:
kumanta ng lumang kanta
tungkol sa dragon at prinsesa
o prayle't Katipunero
o Kano at insurekto
o Hapon at gerilyero—
kahit luma, may tugmang totoo.

Damdamin:

Madaling sabihin, mahirap gawin.

Diwa:

Ano ang mahirap?

Damdamin:

Ang hirap kumanta ng lumang kanta,
ang hirap huminga kung nakamaskara.
Kapag tinakpan na ang libog at dusa,
di na madarama, di makikilala.

Diwa:

Gano'n ba? Gano'n ba?
Ang libog at dusa,
naku, naku, naku, ang libog at dusa,
kung may maskara, di makikilala?

Damdamin:

Kung may maskara, di makikilala.

Diwa:

Kung iyan ang suliranin
ano ba ang dapat gawin?

Damdamin:

Kung ako ang tatanungin
ito ang aking sasabihin:
'buti pa'y umawit na lang
ng mga harana't kundiman,
ng kantang lipos ng luha
at matamis na gunita,
uyaying panghele sa bata,
awiting lilibang sa madla.

Diwa:

Hindi! Huwag!

Damdamin:

At ano ang gusto mo?
Tumahimik na lamang tayo?

Diwa:

Awitin mo ang totoo,
sagad-buto, tagos-apdo.
Ang totoo ay mabuti
kahit mapanganib sa iyo.
Ang totoo ay maganda
kahit pangit sa reyna.

Kaparis ng kawayan, kaparis ng kalabaw

Ang Pilipino'y kaparis ng kawayan,
nakikisayaw sa hangin, nakikisayaw:
kung saan ang ihip
doon ang hilig,
kaya hindi siya nabubuwal, hindi nabubuwal.
Di tulad ng punong niyog,
ayaw yumuko, ayaw lumuhod,
kaya siya nabubuwal, nabubuwal.

Iyan ang sabi-sabi,
ewan lang kung totoo.
Pero kung totoo ang sabi-sabi,
lagot tayo!

Ang Pilipino'y kaparis ng kalabaw,
napakahaba ng pasensiya, napakahaba:
kung hinahagupit
walang imik,
kaya hindi siya pinapatay, hindi pinapatay.
Di tulad ng baboy-damo,
ayaw sumuko, ayaw patalo,
kaya siya pinapatay, pinapatay.

Iyan ang sabi-sabi,
ewan lang kung totoo.
Pero kung totoo ang sabi-sabi,
lagot tayo!

Bahaghari

Huwag kang masindak
sa kulog at kidlat
o sa alulong ng hangin sa dagat.
May bahaghari, may bahaghari
pagkatapos ng unos.

Huwag kang lumuha
kung mataas ang baha,
wala pang bahang hindi humuhupa.
May bahaghari, may bahaghari
pagkatapos ng unos.

Sa likod ng ulap
may araw na sumisikat,
sa dulo ng dilim
may liwanag na kay ningning!

Huwag mong itaghoy
ang lagas na dahon,
may bagong dahon na muling sisibol.
May bahaghari, may bahaghari
pagkatapos ng unos.

Sa lupa

Halaw kay Jacques Prevert

Maganda raw ang langit
pero wala pa akong kakilalang
nakakita sa kagandahang iyan.
Ako'y kontento na dito sa lupa
na kung minsan ay talaga namang kaakit-akit,
puno ng milagro't misteryo.
Mga misteryo ng tuwa
ang batis sa nayon at bulaklak sa estero,
init ng Pansol at lamig ng Baguio,
tiyan ng paksiw na bangus,
pisngi ng pesang dalag,
narito,
dito lamang sa lupa,
kasing-galing ng Tatlong Persona.
Hitik sa himala't hiwaga
ang lupa
na kung minsan ay talaga namang kahanga-hanga:
magulang at anak, kapatid at kabiyak,
pag-ibig na umaawas at hindi kapani-paniwala.
Hindi rin kapani-paniwala
ang kasawiang-palad
sa lupa,
tulad ng tinatawag na pagpapahiga sa hangin:
ulo't paa'y
nakapatong sa magkabilang kama,
katawan ay nakabitin
hanggat matitiis,
hanggat ayaw magsalita
ng pinahihirapang bihag,
narito,

dito sa lupa.

Mga misteryo ng hapis

na kung minsan ay talaga namang kahindik-hindik

ang pawis, luha, dugo,

ipis, pulgas, lamok, langaw, daga,

karinyo brutal ng romansa militar.

Ama naming nasa langit,

subukan mong bumaba rito

at tiyak na sa Kalbaryo

ang bagsak mo.

Mula sa

Edad Medya

Mga Tula sa Katanghaliang Gulang
(2000)

Ina

Nang mabalo, hindi na siya muling nag-asawa.
Hindi ko alam kung may lumigaw na ibang lalaki,
o kung inisip man lamang niya ang muling mag-asawa:
bata pa naman siya noon, kung tutuusin, at may bighani.

Pero anim ang kanyang anak: may anim siyang
bungangang pakakainin, katawang bibihisan; anim na utak
na may kanya-kanyang baltik at iba't ibang antas
ng pang-unawa, pangangailangan at panibugho.

Wala siyang maibigay na anumang layaw o luho,
kaya wala siyang layaw o luhong ibinigay. Tiniyak
niya lamang na may bubong sila laban sa araw at ulan,
may kulambo laban sa lamok, may laman lagi ang tiyan.

At pinabayaan niyang magkapakpak at lumipad
ang anim na malayang utak. Bagamat siya'y guro,
hindi niya sinakal ng pangaral ang kanilang mga pangarap,
hindi niya inipit sa libro ang kanyang mga paruparo.

Alam kong luha ang ipinandilig niya sa kanyang hardin
at ang puso niya'y nagkasugat-sugat dahil matinik
ang mga bunga ng kanyang mapagpalayang paglingap.
Pero alam ko ring ipinagmamalaki niya ang halimuyak.

Ang tulang ito, walang borloloy at walang palabok,
ay para sa aking ina.
Sa pamamagitan man lamang ng tulang ito
ay gusto kong ipaabot ang aking pasasalamat.

Liham ng ama sa anak

Marami tayong napag-uusapan,
at wala tayong pinag-uusapan.

Ikukuwento mo ang istorya
ng napanood mong sine
tungkol sa mga tagaibang planeta
na sumalakay sa mundo.

Ipapaliwanag ko kung paano
nakukuha sa isang tungga
ang tequila sa loob ng kopitang
nakalublob sa mag ng serbesa.

Marami tayong napag-uusapang
walang kabagay-bagay,
pero hindi natin pinag-uusapan
ang nanunuot sa kalansay.

Laman ka ng aking laman,
dugo ng aking dugo,
pero hindi mo itatanghal sa akin
ang kaibuturan ng iyong puso.

Sa aking ugat nagmula ang bunga,
sa aking hingal bumuga ang hininga,
pero hindi ko ikukumpisal sa iyo
ang likaw ng aking bituka.

Wala kang ibinubulong,
at wala akong itinatanong.
Hindi ako nagbubunyag,
at hindi ka nag-uungkat.

Iisa ang hilatsa
ng ating buto-buto,

pero ang liham mo ay lihim mo,
hindi mo ipapabasa sa akin,
at ang luha ko ay luho ko,
hindi ko ipapaligo sa iyo.

Gayunman, alam ko
na kung ako'y plastado na
sa tequila at serbesa,
nakahanda kang magmaneho,

at dapat mong malaman
na kapag dumating ang mga tagaibang planeta,
magdadaan sila sa ibabaw ng aking bangkay
bago ka nila maagaw.

Sa mga umaga

Sa mga umagang tinatanghali ako ng gising,
 inaabrasador ko ang iyong unan,
 at marahang pinaplantsa ng bukas kong palad
 ang gusot sa kama na iniwan ng iyong katawan,
 at pagkatapos ay iginuguhit
 ng isang daliri sa kama
 ang memoryadong balangkas at hugis
 ng iyong balikat, at baywang, at balakang.

Sa mga umagang tinatanghali ako ng gising,
 mananatili ako sa kama, ninanamnam
 ang gunita ng mga gabing nagdaan:
 maaaring inunan mo ang aking dibdib,
 dito, sa pagitan ng puso at kanang braso,
 at nalanghap ko ang samyo
 ng iyong buhok,
 at maaaring inalis ko ang ilang hibla
 na pumasok sa aking bibig,
 kumiliti sa aking mga mata,
 at maaaring hinaplos ko ang iyong buhok,
 ang napakakinis mong buhok na tuwing umaga'y
 nilalagyan mo ng langis ng niyog.

Sa mga umagang tinatanghali ako ng gising,
 hinuhulaan ko kung saan ka naroroon:
 maaaring sa likod-bakuran, winawalis
 ang mga tuyong dahon ng makopa; o maaaring
 sa kalsada, naglalakad nang mabilis,
 hinahabol ang araw, nagpapapawis,
 paminsan-minsa'y humihinto para magbunot
 ng pansit-pansitan sa gilid ng daan;

o maaaring nakarating na ng bahay
at matiyagang nililinis ang pansit-pansitan,
tinatangalan ng ugat, inaalisan ng lupa,
bago pakuluan ang dahon at tangkay.

Tiyak na pagtayo ko'y isusumbat mo sa akin,
habang hinihigop mo ang sabaw ng pansit-pansitan,
na marami ka nang nagawa
—nakapaglaba, nakapaglinis, nakapagsaing—
habang ako'y nag-iinin sa higaan.
Subalit ang mga gunita ng mga gabing matalik
ay mga gunitang sumasalag sa anumang sumbat.
Huwag kang magagalit kung hindi ko
inaalintana ang sumbat
sa mga umagang tinatanghali ako ng gising.

Sa mga gabi

Sa mga gabing inuumaga ako ng higa,
ipinapahinga ko ang bukas kong palad
sa nahihimbing mong hita,
at ang makinis mong balat ay parang
isang baso ng malamig na tubig
sa tanghaling tapat ng isang tag-init,
pumapayapa sa balisa kong isip.

Pero may mga gabing ang tubig
ay parang panghilamos na pumupukaw,
at ang palad sa halip na mapayapa'y
gumagapang, gumagala, inaalihan
ng di-inaasahang pagnanasa.

Kung tulog na tulog ka na,
para kang maliligalig
ng isang masamang panaginip,
at papalo ang kamay mo sa kamay ko,
hampas kontra haplos, parang pumapalis
ng gagamba o butiki o ipis
na naligaw sa loob ng kulambo.
Hindi ko na gagambalain ang iyong pagod;
wala akong mahihita.

Pero kung mababaw ang tulog mo,
a! kung mababaw ang tulog mo,
haplos ang sumasalubong sa haplos,
at ipinaunawa ng
naalimpungatang pawis
sa nauutal
na hingal
kung bakit hanggang ngayon,
pagkaraan ng dalawampung taon,
ang palad ko'y humihimlay sa nahihimling mong hita
sa mga gabing inuumaga ako ng higa.

Salamat

Salamat

na lang at dito sa ginagalawan kong mundo
ay mas maraming di hamak
ang hindi ko kakilala at hindi kaano-ano
kaysa kaibigan at kamag-anak.

Ang hindi ko kaano-ano ay
hindi ko kailangang ipagbayad sa bus.
Hindi kami kailangang mag-unahan sa pagbayad.
Ang hindi ko kakilala ay
hindi ko kailangang ngitian at tanungin:
"Ano'ng balita?"
At hindi niya ako kailangang sagutin ng
"Tumataba ka yata."
Kung nakakasalubong ko siya sa daan,
hindi ko kailangang magpagalaw ng ulo't kilay
at mag-usisa: "Saan ka galing? Saan ang lakad?"

Walang pakialam sa akin
ang hindi ko kaano-ano at hindi ko kakilala,
at wala akong pakialam sa kanila.
Hindi kami kailangang magplastikan,
hindi kami kailangang magbolahan,
hindi kami kailangang mag-apuhap sa utak at dila
ng mga katagang mahalimuyak pero walang kabuluhan.

Salamat

na rin at mayroon akong mga kaibigan at kamag-anak
Mahirap maglakbay
mula sinapupunan hanggang hukay
na walang kasangga o kaagapay.
Pero ito lang ang aking masasabi:
hindi na ako magkakapanahong umibig at lumuha,
hindi ko na magagawang umidlip at lumikha,
ni hindi ko na makukuhang umihi sa mga bawal na tabi-tabi,
kung maya't maya at sa tuwi-tuwina'y
kailangang makipagkamay at makipagbeso-beso
sa anim na bilyong tao sa mundo
na hindi ko kakilala at hindi kaano-ano.

Baka

Baka habang umuusad ang kotse mo
sa matrapik na superhighway
ay bigla kang mabangga ng eroplanong
nawalan ng preno.
Baka masagasaan ka
ng ambulansiya.

Baka makapagpulutan ka ng tahong
na lumutang sa red tide.
Baka makapag-ulam ka ng talong
na inilubog sa formalin.
Baka wala ka nang makain.
Baka ka bangungutin at hindi na magising.

Baka meron kang kanser.
Baka ayaw kang tablan ng chemotherapy.
Baka mapalaban ka ng madugong suntukan
sa isang meron palang HIV.
Baka atakihin ka sa puso
habang may mantika pa sa nguso.

Baka habang naglalakad ka
sa gilid ng bangketa
ay may drayber na magpalipad ng dura
mula sa bintana
ng trak na right-hand drive, at kung murahin mo,
ikaw pa ang pupukpukin ng tubo sa ulo.

Baka habang kumakanta ka ng "My Way"
sa disco pubhouse na may videoke
ay basta ka na lang barilin
ng sundalong lasing
dahil dispalinghado ang boses mo
o lumiligaw ka sa weytres niya.

Baka isang gabing masumpungan mong
bumili ng paboritong pizza
ay may makasalubong kang kotseng
sumasalungat sa kalyeng one-way,
at kung hindi ka magbigay-daan,
bababa ang gago at pakakainin ka ng bala.

Baka, baka, baka.

Napakahirap mabuhay
sa mundong ibabaw.

Baka

habang pinagtitripan mo
ang mga kakuwanang ito
ay naghihintay na sa labas
ang ahente ng punerarya.

Ang mga bata

Sa daigdig ng hari at higante,
 ang mga bata
 ay hindi nakikita.
 Maliit pa sila sa duwende.
 Wala silang mukha.
 Nagkakataon na nakatingin ka sa malayo,
 walang kakurap-kurap,
 kapag sila ang iyong kaharap.

Paminsan-minsan
 pahintulutan mong mabulabog ang iyong ulirat.
 Sa labas ng madilim na salamin ng malamig mong kotse,
 kumakatok ang mga musmos na kamao.
 Ibaling paminsan-minsan ang iyong mga mata
 sa hawak nilang kuwintas ng sampagita
 o bungkos ng swipsteyks.
 Pansinin paminsan-minsan ang mga nakalahad
 na palad.

Sa kanayunan, sa gitna
 ng hindi matapos-tapos na pakikidigma
 ng hari sa pulubi,
 ang mga bata
 ay nakikipagtaguan sa tingga,
 nakikipagpatintero sa punglo,
 nakikipaghabulan sa anino ng higanteng tutubi
 na bumubuga ng apoy.

Sa siyudad ay umiiling ang iyong diwa.
Maraming mandurugas sa siyudad:
kinakasangkapan nila
ang mga bata,
sinasamantala nila ang iyong awa.
Lumang tugtugin na iyan, totoy.
Bumenta na iyan, ineng.

Pero hindi ka nakakasigurado.
Maaaring may ginaw sa loob ng butuhing dibdib.
Maaaring may hapdi sa nangangasim na sikmura.
Maaari. Maaaring wala.
Maaaring ipinahid lang ang dungis sa mukha.
Maaaring arte lang ang hapis sa mata.
Maaari. Maaaring hindi.
Pahintulutan mong mabulabog ang iyong ulirat
paminsan-minsan. Paminsan-minsa'y tumingin
sa labas na madilim na salamin ng malamig mong kotse.
Hindi ka bulag, at walang tagabulag
ang mga bata.

Ang ahas. Bow.

Hindi nakokonsensiya ang ahas.
Maaaring alam niya na ahas siya,
pero hindi niya naiisip na asal-ahas siya,
wala siyang kamalay-malay na nang-aahas siya.
Ano ang magagawa niya kung ipinanganak siyang ahas?

Hindi siya taksil sa kanyang uri.
Tapat siya sa kanyang pagkaahas.
Likas sa kanya ang sanga-sangang dila ng ahas.
Magpalit man siya ng balat,
mananatili siyang ahas hanggang sa wakas.

Dili na makasulti

Dito, sa siyudad ng Cagayan de Oro,
sa kalyeng ang romantikong pangalan
ay Yacapin, malapit sa ilog—
dito ako ipinanganak,
pero dili na ako makasulti ng Bisaya—
tama ba ang aking mga salita?

Dinhi ako nagdako,
dinhi sa Cagayan de Oro.
Dito lumipas ang unang sampung taon.
Pero dili na ako makasulti,
makasabot na lang ng dyutay,
ng gamay—ano ba ang tama?—
sa totoo lang, paisa-isang salita lang—
dili na talaga makasulti.

Ang ama ko'y anak ng Bohol,
at Bisaya ang salita namin
sa bahay sa kalye Yacapin—
pero Tagalog ang ina ko,
at hindi ako nakaligtas
sa walang-katuturang panunukso
ng mga kalaro at kababata:
“Tagalog, luglog! Tagalog, luglog!”
Sa utak, may sumusungaw na gunita:
napaaway ako, nagdugo ang ilong.
Hindi ko matandaan
kung iyon ay may kinalaman
sa di-deklaradong digmaan
ng mga katutubong wika.

Sampung taon ako
nang sumakay kami ng barko
para tuluyang umalis sa Cagayan de Oro
at manirahan sa Pateros
na bayang sinilangan ng aking ina.
Madali kong nalimutan—
o nilimot—
ang wika ng kalye Yacapin.
May narinig akong bagong kantiyaw:
“Bisaya, madaya! Bisaya, madaya!”
Maaaring hindi ako
ang binabato ng tukso
dahil hindi ako napaaway.
Ambot sa imo, pero
dahil hindi na namin sinalita,
hindi na narinig, ang wika
na sana’y pamana ng aking ama,
dili na ako makasulti karon ng Bisaya.
Nanguluntoy siya sa dila.
Yawa.

Hindi lamang wika ang nawala.
Sa kaibuturan ng diwa,
may nalalabing mga buháy na ugat
na lagi’t laging nag-aapuhap
ng yayakaping gunita.
Mailap ang gunita.
Yawa.

Dalaw sa Hiroshima

Ang gunita ay isang aninong
nakatatak sa hagdang bato
sa lungsod ng Hiroshima.

Ang lalaking pinagmulan ng anino'y
agad na naging alabok sa kinauupuan
nang bumagsak ang bomba sa Hiroshima.

Pero naiwan ang kanyang anino, nakadikit
sa inupuang bahagi ng namuting hagdang bato
sa guho ng Hiroshima.

Ang gunita ay isang digmaang
nagwakas na nang ako'y ipanganak
tatlong buwan pagkaraan ng Hiroshima.

Pero hanggang ngayo'y nakatatak ang digmaan
sa utak ng bayan ko, kalahating siglo pagkaraan
ng malupit, mahabang gabi na mistulang Hiroshima.

Sa loob ng Museo sa Alaala ng Kapayapaan
sa bagong lungsod ng Hiroshima,
nagkiskis ang dalawang batong-buháy na gunita

at nagliyab sa lalamunan ko ang poot at awa.
Sa labas ng museo, nag-alay kami ng aking kabiyak
ng tahimik na dalangin at bulaklak.

Sa aming ulunan, palutang-lutang ang mga uwak.

Hinggil sa mga damdaming hindi magkatugma

Itong gitarista'y wala sa sarili.
Nagdurugo na po ang mga daliri.

Ang kanyang harana'y di mo alintana.
Pinagsarhan mo pa siya ng bintana.

Maawa ka naman, kahit na kaunti.
Awit ay bigyan ng mapagpalang ganti.

Dinggin mo ang inaawit, tinutula:
mainit, mabango, tulad ng tinola.

Bagamat bagting ay bulol sa balarila
at dispalinghado ang mga parirala,

pag-ibig niya sa iyo'y walang banto,
ikaw lamang ang kanyang sinasanto.

Bagamat garil ang bulaklak ng dila
na hatid ng hangin sa loob ng sala,

pag-utusan mo at siya'y uto-uto,
sulyapan mo't ayos na ang buto-buto.

Malupit na dilag, maawa nang munti.
Isukli mo'y lingap, hindi dili-dili.

Himala at hiwaga

Iniluluwal ang uha
sa lagusan ng ihi.
Tunay na maraming himala
dito sa daigdig na mahimala.

Humahalimuyak ang luwalhati
sa bukal ng panghi.
Tunay na maraming hiwaga
dito sa daigdig na mahiwaga.

Lahat ng hindi ko kailangang malaman, natutunan ko sa pelikulang For Adults Only

Marumi ang pulitiko, pero malinis ang budhi
ng puta.

Ipokrito ang pari, pero may ginintuang puso
ang puta.

Nagpapaaral ng kapatid na magpapari
ang puta.

Namumutiktik sa putang ina at anak ng puta ang malaswang bibig
ng puta.

Nalululong sa droga ang anak
ng puta.

Ayaw ng putang ina na ang anak niyang babae'y masadlak
sa pagpuputa.

Ang unang tikim sa luto ng Diyos ay ipinapatikim
ng puta.

Bukas ang simbahan kahit madaling-araw tuwing magdadasal
ang puta.

Nagbubulungan ang mga manang na nakakasalubong
ng puta.

Ginahasa ng tiyuhin ang puta kung kaya siya
nagputa.

Tulak ng kahirapan kung kaya nagputa
ang puta.

Hindi nagpapahalik sa labi
ang puta.

Kapwa puta ang mga kabarkada
ng puta.

Magandang lalaki ang nag-aalay ng tapat na pag-ibig
sa puta.

Masungit na ina ng magandang lalaki ang nag-aalok ng pera
para lumayo
ang puta.

Kung binabaril ang bidang lalaki, yumayakap at tinatamaan
ang puta.

Tanging kamatayan ang tutubos at magpapatawad sa kaputahan
ng puta.

Sigaw ng puta: Pare-pareho naman tayong
puta!

Edad medya

Sa pagtuntong ng singkuwenta anyos

Mula ulo hanggang paa,
mula balakubak hanggang alipunga,
ako'y kalipunan
ng mga munting kirot, sakit at karamdaman.

Binabayo ng ubo ang aking dibdib.
Tumataksik ang plema mula sa aking bibig.
Nangangasim ang aking sikmura.
Mahirap talaga itong tumatanda.

Kung naaambunan ay sinisipon.
Kung hindi makapaligo ay binabalinguyngoy,
nagkakasingaw, tinutubuan ng pigsa. At
kung natutuyuan ng pawis ay sinisinat.

Sarisaring hindi nakamamatay na itis
ang sa lalamunan ko'y lumilitis—
brongkitis, tonsilitis, laringhitis, paringhitis.
Laman at loob ko'y tadtad ng tamaditis.

Nabibikig ako tuwing kakain ng isda.
Kahit ano ang ipang-ahit ay nahihiwa.
Bumaba lang ng bangketa ay natatapilok.
Buto't balat ko'y tuloy-tuloy na nabubulok.

Salamat na lang at wala akong alta presyon.
Marami na akong kaedad at kahenerasyon
na pinatimbuwang ng alak, konsumisyon at kolesterol.
Hindi ko pa naman kailangan ang inyong abuloy.

Pero malabo na ang aking mga mata.
Kailangan ko ng salamin para mabasa
ang mga kahindik-hindik na balita
tungkol sa ninakawan, kinatay, ginahasa.

At madalas ay barado ang aking ilong.
Hindi ko maamoy ang pabangong
ipinahid sa katawan para maikubli
ang pangambang ipinapawis ng kilikili.

At laging maga ang aking lalamunan.
Hindi ko na malunok ni malasahan
ang pangarap na binuro sa dusa,
ang pait ng inihaw na pag-asa.

Mula putikang paa hanggang sirang ulo,
mula patay na buhok hanggang patay na kuko,
ako'y kalipunan ng abong umaalimbukay
mula sa kaibuturan ng hukay.

Panaghoy ng gurang na mangingibig

Ito ang sumpa
ng tumatanda:
matagal umistart ang makina,
at kung umaandar na, pumapalya,
pinatitirik ang kotse.

Pero sa aking panaginip ay
nakararating tayo sa patutunguhan.
Kahit man lamang sa aking panaginip,
nakararating tayo sa patutunguhan.

Hindi lang kalabaw
ang tumatanda.
Kinakalawang ang kasu-kasuan.
Lumalapot, lumalamig ang dugo.
Lumalambot ang tarugo.

Pero sa aking panaginip ay
umaabot tayo sa sukdulan.
Kahit man lamang sa aking panaginip,
umaabot tayo sa sukdulan.

Sira

Paggising ko sa umaga,
ang unang tumatambad sa may-muta-pang mata
ay isang naninilaw, nababakbak
na bahagi ng kisame,
isang mapa ng maliliit na isla, lumalawak
tuwing umuulan, tuwing lumulusot ang tubig sa butas-
butas na bubungang kinakain ng kalawang.

Sa banyo, pundido ang bombilya.
Matagal nang hindi nagagamit ang dutsa,
at may mga pingas ang plastik na timba at tabo.
Barado ng buhok, bulbol, burak, sarisaring basura
ang lagusang papunta sa poso negro.
Naglalawa ang tubig sa sahig tuwing may maliligo,
at tuwing may tatae, maraming naiiwang
tuldok at kuwit na lulutang-lutang sa inidoro,
ayaw matunaw, ayaw maglaho,
kahit pa sundan mo ang flush ng buhos.

Ayaw sumindi ng kalang de-gas sa kusina.
Ayaw bumukas ng venetian blinds
na humaharang sa liwanag mula sa bintana.
Ayaw tumugtog ng CD player.
Ayaw umandar ng computer at ng printer.
Ayaw bumukas ng isang bintana ng kotse.

Sa hindi ko malamang dahilan,
sabay-sabay na nasisira ang mga bagay-bagay
sa loob at labas ng bahay.

Pati na ang pag-ibig.

Nagkakalamat ang pakiramdam,
at tumatagas ang pagdaramdam.
Bumabara ang pagdaramdam
sa mga kinakalawang na lagusan ng damdamin.
Walang pumapasok na araw o hangin
sa mga lagusan ng damdamin.

Pati ang pag-ibig
ay lumuluwag, lumulundo, nalalagot, nawawakwak—
kailangang kumpunihin, kailangang ayusin
sa malao't madali, sa tuwi-tuwina,
araw-araw at gabi-gabi kung kinakailangan,
puwera na lang kung ito'y pundidong bombilya.

Tagsibol ni Mrs. Santos

Sa kanyang katanghaliang gulang, si Mrs. Santos ay biglang nagising sa kagila-gilalas na katotohanang retirado na ang kanyang matris. Hindi na niya pasanin o luwalhati ang pagbubuntis.

Hindi na siya mahihilo, o magsusuka, o maglalaway sa nakangingilong manggang hilaw sa disoras ng gabi. Hindi na niya dadalhin sa loob ng siyam na buwan ang bumibigat na pintig ng buhay sa lumolobong tiyan. Tapos na ang hirap at himala ng pagpapalaki.

Sa kanyang katanghaliang gulang, si Mrs. Santos ay biniyayaan ng isang bagong bukung-liwayway. Pagkat wala nang inakay sa kanyang pugad, sumibol ang pakpak sa likod ng kanyang mga balikat, at sumuong siya sa dawag ng mga mapanganib na panaginip.

Sa panaginip, isang kabataang anghel ang kanyang kaulayaw sa damuhang sinisibat ng sanlibo't isang sinag ng araw. Ang anghel ay hindi nagbabasa ng diyaryo sa harap ng almusal. Hindi pinalobo ng serbesa ang idinadagan nitong tiyan. Walang kapaguran, walang panlalata ang dulot nitong pagmamahal.

Sa kanyang katanghaliang gulang, awa ng Diyos, pumapaga-pagaspas ang pakpak ni Mrs. Santos. Retirado na ang kanyang matris. Katawan at isip niya'y lumalabas na sa hangganan ng panaginip.

Taglagas ni Mr. Santos

Sa kanyang katanghaliang gulang, si Mr. Santos ay nadismaya sa nakita niya sa salamin: nagsisimula nang malagas ang buhok niyang abuhin, parang tiyan ng buntis ang kanyang tiyan.

Hindi na niya kaya ang dating gawi, ang umubos ng sandosenang bote ng serbesa, at pagkatapos, kahit umiikot ang tingin, ang pukawin pa si Misis para magpapawis at lumimot sa pambansang krisis. Lagi nang nanlalata ang buto-buto niya't kalamnan.

Pero naging demonyo siya sa pagmamaneho, daig pa ang dyipni drayber kung magpaekis-ekis. Walang patutunguhan, ginalugad niya ang siyudad, ang isip ay ginugulo ng kung ano-ano, halimbawa'y bakit dumadaan ang katas ng pag-ibig sa lagusan ng ihi.

Sa kanyang katanghaliang gulang, si Mr. Santos ay laging dinadalaw ng di-madalumat na lumbay. Inaantok siya sa araw, nahihirapang matulog sa gabi, at makatulog man, maya't maya'y nagigising para umihi. Pagdating ng umaga, hindi naghuhumindig ang kanyang ari.

Sa kanyang katanghaliang gulang, awa ni Kulafu, pakiramdam ni Mr. Santos ay mukha na siyang kulugo. Buhok niya'y unti-unting nalalagas. Katawan at isip niya'y magkasabay na humuhulas.

Tagulaylay ni Pablo Napurnada

Kanina, hindi ko namalayan ang pag-alis mo.
Napansin kong nakabihis ka nang pumasok ako sa ating kuwarto,
pero nang lumabas ka, akala ko'y papunta ka lang sa banyo.

Dati-rati, bago ka umalis ay dumadampi ang labi mo sa labi ko,
o sa pisngi, kung ang isa sa atin ay may sipon o ubo.
Ganoon din naman ang ginagawa ko sa tuwing papaalis ako.

Pero kanina, hindi ko namalayan ang pag-alis mo.
Wala akong narinig na "Sige, mauna na ako," o "Babayu!"
Umalis ka nang walang paalam, walang halik, wala ni ha, ni ho.

Sigurado ko pa ang sarili ko, pero hindi ako nakakasiguro sa iyo.
Sigurado kong sa bawat paghinga ko'y nalalanghap ko ang iyong
bango.
Sigurado kong sa dugo ko'y ikaw ang tunay na nagpapasilakbo.

Sa tuwing aalis ka'y sinisibasib ng di-malabanang sikdo
ang dibdib kong dati-rati'y madalas, masuyong inuunan mo.
Dati-rati. Ang dati-rati sa tuwi-tuwina'y humihiwa sa utak ko.

Hindi na ako nakakasiguro kung ako pa rin ang iyong gusto,
pero kung sakaling ang hinuha'y tama o ang hinala'y totoo,
sana'y makuha mo pang magkunwari na mahal mo pa ako.

Ang tipo kong babae

Halaw kay Martial

Babae, umuwi ka na lang kaya sa nanay mo
kung hindi mo masakyan ang hilig ko.
Hindi ako santo.
Gusto kong patagalin ang gabing mainam
sa tulong ng alak, pero ikaw,
pagkainom ng isang basong tubig, ay
tumatayo na't pumapasok sa kuwarto,
taas-noo.
Ikaw, mas gusto mo ang dilim.
Ako, kapag sumisiping,
gusto ko'y saksi
ang liwanag ng lampara sa tabi
o liwanag ng bukang-liwayway.
Diyan ako naglalaway.
Balot na balot ka sa kumot.
Mas maganda sa tingin ko ang walang saplot.
Kung dumampi ang iyong labi,
parang noo ng lola mo ang binabati.
E, ako, ang gusto kong halik
ay iyong kapit-tuko at pumupulupot sa leeg.
Sa kama, wala kang kagalaw-galaw,
walang halinghing, halakhak o hiyaw,
taimtim na parang babaylang
sa altar ay nag-aalay ng alak at kamanyang.
Kung talagang
mas trip mo ang maging manang,
sige na nga,
sa araw ay tularan mo si Vina Morales.
Pero sa gabi ang ibig ko'y isang Rosanna Roces.

Mula sa *Martial: The Epigrams*, pinili at isinalin sa Ingles ni James Michie (Penguin Books, 1978).

Setyembre 1972: Kalatas sa anak

Sa pagkakadeklara ng batas militar

Anak, pansamantala
ay di mo makikita,
di mahagkan ang iyong ama.
Pagkat siya'y kaisa
ng api, dukha't masa,
subersibo ang turing sa kanya.

Sa ina mong kapiling,
ang mahigpit kong bilin
ay huwag na huwag kang palakhin
sa kutson, luho't lambing,
bagkus pa nga'y sanayin
sa dahas ng sakit, sa hilahil.

Naglipana ang tukso,
maghehele sa iyo—
magarang damit, manok na prito,
tubig na may yelo,
TV, air-con, awto,
tinig ng dilag sa telepono.

Subalit lilitaw at lilitaw,
laman ng aking laman,
ang dugo't damdamin ng magulang:
tiyak, sa iyo'y pupukaw
ang daing ng bayan
at ang tawag ng himagsikan.

At kung ampaw ang tuhod,
 gulaman ang gulugod,
 sa pagbabalikwas ng isipang tulog
 ay paano lalahok
 sa pakikihamok
 ng lungsod, nayon, gubat at bundok?

Maging bakal ka, anak,
 gawing bakal sa tigas
 ang kamao, dibdib at adhika,
 at sa araw ng bukas,
 ibigkis ang lakas
 sa lakas ng masang hangad ay laya.

Ang tula sa itaas at ang kasunod na tula ay parehong sinulat sa mga unang taon ng batas militar. Ang "Kalatas sa Anak" ay unang nalathala sa ilalim ng sagisag na Bernardo del Carpio sa babasahing *Ulos*. Ang "Prometheus Unbound" ay unang nalathala sa ilalim ng sagisag na Ruben Cuevas sa magasing *Focus*. Mahigit dalawang taon na akong hindi sumusulat ng tula sa Ingles nang gawin ko ang gimik na ito, sa kainitan ng batas militar. Bagamat nasusulat ang tula sa Ingles, isang malaganap na islogang Tagalog ang lumilitaw kapag binabasa nang pababa ang mga unang letra ng bawat linya.

Prometheus unbound

I shall never exchange my fetters for slavish servility. 'Tis better to be chained to the rock than be bound to the service of Zeus.

Aeschylus, *Prometheus Bound*

Mars shall glow tonight,
Artemis is out of sight.
Rust in the twilight sky
Colors a bloodshot eye,
Or shall I say that dust
Sunders the sleep of the just?

Hold fast to the gift of fire!
I am rage! I am wrath! I am ire!
The vulture sits on my rock,
Licks at the chains that mock
Emancipation's breath,
Reeks of death, death, death.

Death shall not unclench me.
I am earth, wind, and sea!
Kisses bestow on the brave
That defy the damp of the grave
And strike the chill hand of
Death with the flaming sword of love.

Orion stirs. The vulture
Retreats from the hard, pure
Thrust of the spark that burns,
Unbounds, departs, returns
To pluck out of death's fist
A god who dared to resist.

Mapanuring Sanaysay

Ang Kagila-gilalas na Panulat ni Jose F. Lacaba

Joi Barrios

Bago ko pa man din nabasa ang mga tula ni Jose F. Lacaba ay narinig ko na ang pagbigkas ng isa sa kanyang pinakapopular na tula at napanood ang pagsasadula nito. Ang tulang aking tinutukoy ay ang “Ang mga Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran ni Juan de la Cruz.” Isinadula ito ng UP Repertory Company sa direksiyon ni Behn Cervantes, at makailang beses ipinalabas sa loob at labas ng Unibersidad ng Pilipinas. Sa huling balita ko nga’y ipinapalabas pa rin ito hanggang ngayon.

Ang tula-dula ay tungkol kay Juan de la Cruz, isang “tahimik na mamamayang” palakad-lakad sa lungsod. Waring lagi siyang napapahinto pagkat ang lungsod ay isang lugar kung saan laging may mga bawal. Isa itong malaking espasyong hinahati sa maliliit na espasyong ang hangganan (o boundaries) ay itinatakda ng mga karatula (bawal manigarilyo, bawal pumarada, mag-ingat sa aso, bawal magtapon ng basura). Sa pagtatapos ng dula, umakyat sa bundok ng Arayat si Juan de la Cruz.

Nasulat bandang 1970–1971, at binasa (bagamat patuloy pa rin namang binabasa) sa panahon ng batas militar. Si Juan de la Cruz ay naging sagisag ng mamamayang Pilipino. Ang kanyang paglalakbay sa isang lungsod ng mga “bawal” ay paglalakbay rin ng bawat mamamayang namumuhay sa isang bayan kung saan hindi maaaring mamahayag nang malaya, o maglakad sa hatinggabi, o magtipon-tipon ang mga tao. Ang pag-akyat sa bundok ni Juan ay pahayag ng pagkalas sa lipunan at pagkilala sa kasaysayan at tradisyon ng hukbong gerilya sa kagubatan mula pa noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

Sa pagbasa at pagsasadula sa kuwento ni Juan de la Cruz, sinasariwa ng mambabasa at mandudula ang tradisyon ng epiko—ang kuwento ng paglalakbay ng isang bayani na may hinahanap na kung anong dakila. Tulad ng bayani ng epiko, kagila-gilalas din ang

pakikipagtunggali ni Juan sa mga puwersa ng kanyang lipunan (krisis pang-ekonomiya, kawalan ng tiwala sa mga istrukturang pulitikal, maging ang mga institusyong pangkultura tulad ng simbahan at mass media). “Wanted dead or alive” daw si Juan de la Cruz, ayon sa pagtatapos ng tula. Ngunit tulad ng bayani ng epiko na namamatay lamang para mabuhay muli, walang kamatayan ang Juan de la Cruz, na nabubuhay sa bawat palabas ng dula.

Bakit madaling “mabasa” ang mga nabanggit sa naratibo ni Juan de la Cruz? Pagkat ang mambabasa ay humahalaw rin sa mahabang tradisyon ng panitikan at teatrong pulitikal. Hindi bago sa kanila ang pangalang “Juan” na ginamit ng may-akda. Ang paggamit ng katatawanan upang magbigay ng komentaryo sa lipunan ay nasa dulang sainete na “La India Elegante y el Negrito Amante,” ni Francisco Baltazar. Sa dulang “Hindi Aco Patay” (1902) ni Juan Matapang Cruz ay may nababanggit na ring pagpunta sa kabundukan.

Ang pagkakaroon ng tula ni Lacaba ng mga sangkap na pamilyar (si Juan de la Cruz), ng naratibong madaling sundan (isang paglalakbay), ng pagpapatawang may patama sa lipunan, at ng radikal at bukas (walang closure) na pagtatapos, ang siya marahil nagtulak sa mga mandudula ng UP Repertory Company (sa pamumuno noon ni Cecile de Joya) upang gawin itong unang tula-dula. Sa pamamagitan ng tulang ito nalikha ang isang bagong anyong panteatro. Nilapatan ng kilos at galaw ang mga salita ni Lacaba. Tatatlo lamang ang kailangang tauhan sa palabas—isang tagabasa, isang gumaganap ng Juan, at isang gumaganap ng iba pang mga tauhan sa tula-dula. Sa ganitong paraan, maaaring ipalabas ang tula-dula kahit saan, sa lobby man ng isang gusali o sa itaas ng trak sa rally sa Mendiola Bridge. Sa ganitong paraan, lalo ring nabibigyan ng pokus ang katauhan ni Juan at nakikita ang pagkakaugnay-ugnay ng iba’t ibang puwersa sa lipunan.

Mahalaga ang ganitong pagsasadula ng tula dahil muling nabubuhay ang tradisyon ng tula bilang akdang binibigkas. Ang makata ay bumabalik sa kanyang katutubong papel bilang tagapamahayag sa kanyang komunidad. Ang tula ay waring tumatalon mula sa pahina ng nakalimbag na tula, at tulad ni Juan ay naglalakbay din sa kung saan may pagkilos, upang maging bahagi ng iba’t ibang diskurso sa lipunan.

Ngunit higit pa rito ang nagawa ng tulang “Ang Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran ni Juan de la Cruz.” Nagbunsod ito ng marami pang tula-dula na sumunod sa estilong ginamit ni Lacaba—ang pagkakaroon ng sentral na tauhan na sumasagisag sa isang pangkat, naratibo ng paglalakbay at pakikipagtunggali, payak na pananalita, katatawanan, at pagtatapos ng dula na nagpapasyang mag-aklas. Sinulat halimbawa ni Richie Valencia, at isinadula rin ng UP Repertory Company, ang dulang “Iskolar ng Bayan” na tungkol naman sa mga estudyante, at ang “Juan Obrero” na tungkol naman sa mga manggagawa. May ilang grupo ng mga peryodista na nagsulat ng tula tungkol sa mga kagila-gilalas na pakikipagsapalaran ng mga mamamahayag. Itinanghal naman ng Alliance of Concerned Teachers ang dulang “Titser ng Bayan.”

Tunay, maraming tula si Lacaba na nakasama sa maraming antolohiya, nagwagi ng karangalan, at pinag-aaralan sa mataas na paaralan at sa kolehiyo. Tunay ring marami sa mga tulang ito—taglay ng kanyang panulat ang kakanyahang mula sa pinakapayak na bagay, tulad ng paksiw na ayungin o kaya ay litson o dahon ng saging—ay nakapaglahad ng mga kontradiksiyon at tunggalian sa lipunang Pilipino. Kasabay nito, kakatwang isipin na marami sa nakarinig o nakapanood sa “Ang mga kagila-gilalas na pakikipagsapalaran...” ang ni hindi nakaalam na siya ang may-akda nito. Ito marahil ang siyang karangalang maigagawad sa panulat ni Lacaba—ang siyang pinakapatunay na ang tula ng makata, gaya ng kanyang sentral na tauhan, ay naglakbay na rin, hindi na kanya, upang kumawala sa mga parisukat na bumabakod sa espasyo ng panulaan, at upang maging bahagi ng pakikipagtunggali para sa isang lipunang malaya.

Disyembre 1999

Kung Baga sa Bigas: Mga Piling Tula is part of the U.P. Jubilee Student Edition designed to bring the best of Philippine literature within the reach of students and the general public.

Hinawan ni Jose F. Lacaba ang landas sa paggamit ng pinakasimpleng mga salita sa makabagong panulaang Filipino. Madaling kagiliwan, magaan basahin ang kanyang mga tula, ngunit may kinang, talim at lalim. Ang 60 tula sa kalipunang ito, pinili ng may-akda mismo, ay mula sa tatlong aklat na produkto ng mahigit sa apat na dekada ng pambeberso. Kasama rito ang mga tulang madalas ilathala sa mga antolohiya at teksbuk, tulad ng "Paksiw na Ayungin," "Pasyong Mahal ni San Jose," at "Ang mga Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran ni Juan de la Cruz." Narito rin ang "Prometheus Unbound," ang huling tulang Ingles na sinulat ni Lacaba, na unang nalathala sa ilalim ng sagisag at naging notoryus noong panahon ng batas militar.

Isa sa mga kinikilalang higante ng panitikang Filipino sa kasalukuyan, si Jose F. Lacaba ay may-akda ng apat na kalipunan ng mga tula at saling-wika: *Mga Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran, Sa Panahon ng Ligalig, Sa Daigdig ng Kontradiksiyon*, at *Edad Medya*. Ang mga artikulo niya tungkol sa aktibismo ng dekada '60 at '70 ay tinipon sa aklat na *Days of Disquiet, Nights of Rage*. Kabilang sa mga akda niya bilang mandudulang pampelikula ang *Jaguar, Angela Markado, Bayan Ko: Kapit sa Patalim, Orapronobis, Sister Stella L., Eskapo, Segurista*, at *Rizal sa Dapitan*. Isa siyang professorial lecturer sa Unibersidad ng Pilipinas, nagtuturo ng iba't ibang subjek sa peryodismo at malikhaing pagsulat. Marami na siyang natanggap na gawad at gantimpala para sa kanyang mga akda sa larangan ng panulaan, peryodismo at dulang pampelikula, kabilang dito ang Gawad Balagtas, Palanca, Urian at Centennial Honors for the Arts.

ISBN 971-542-370-1



9 789715 423700

Cover Design: Logika

Jose F. Lacaba
Kung Baga sa Bigas: Mga Piling Tula

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES PRESS

